SDM at mga Programang Pinansyal

SUPPORT FOR FAMILIES
EDUCATION • EMPOWERMENT • EQUITY

California State Council on Developmental Disabilities

Mga matututuhan

- Matuto ng mga paraan kung paano gamitin ang supported decision-making (pagdedesisyon na may gabay) habang gumagawa ng mga desisyong pinansyal at nakikilahok sa mga programang pinansyal.
- Pagpaplano para sa mga salungatan ng interes (conflict of interest).
- Mga paraan para iulat ang mga pinaghihinalaang pagkakataon ng pang-aabuso.

PAGPAPLANO PARA SA SUPPORTED DECISION-MAKING

Kahit gumamit man o hindi ang isang tao ng companion agreement (kasunduan sa kasama) o Supported Decision-Making Agreement (Kasunduan sa Pagdedesisyon na May Gabay), kapag pinlano ang paggamit ng Supported Decision-Making sa mga sitwasyong pinansyal, puwede nitong pagandahin ang proseso ng paggawa ng desisyon para sa mga Persons with Disabilities (Mga Taong May Kapansanan, PWD).

Paunang mga tanong na puwedeng isaalang-alang sa pagpaplano

- Anong klase ng mga account ang kakailanganing pagdesisyunan ng PWD?
- Kailangan ba ng PWD ng suporta para mag-apply para sa suporta?
- Aling (mga) tagasuporta ang tutulong sa partikular na mga sitwasyon?



Karugtong: Mga tanong na puwedeng isaalang-alang

- Gaano karaming suporta ang gusto ng PWD na makuha sa pag-a-apply, sa paggawa ng mga desisyong pinansyal, o sa pag-monitor ng gastusin? Halimbawa, kailangan ba nila ng mga tagasuporta na puwedeng mag-usap tungkol sa mga desisyong pinansyal, o sila ba ang responsable sa pagbabayad ng bills ng PWD, o responsable sa pag-monitor ng mga account balance?

Karugtong: Mga tanong na puwedeng isaalang-alang



- May impormasyon ba o mga handout na gusto ng PWD na ibahagi sa kinatawan sa pinansyal tungkol sa SDM o sa kahalagahan ng pagpopokus sa PWD at hindi sa mga tagasuporta?

- Kailangan ba ng mga tagasuporta ng access sa iba pang mga rekord o mahalagang impormasyon?

Pagpaplano

- Sa isang emergency, anong impormasyon ang dapat malaman ng mga tagasuporta? Ano ang papel nila? Paano sila dapat kontakin?
- Alam ba nila kung gaano kalaking pinansyal na suporta ang natatanggap ng PWD at saan ito nanggagaling? Anong mga gastusin ang kailangang bayaran nang paulit-ulit? Alam ba nila ang iba’t ibang klase ng (mga) account na mayroon ang PWD?



Karugtong: Pagpaplano

- Naiintindihan ba nila ang mga kagustuhan ng PWD tungkol sa mga desisyong pinansyal?
- Dapat ba na isa o higit pang tagasuporta ang maging awtorisadong kinatawan o may hawak ng durable financial power of attorney? Paano gagawing available ang mga kopya ng dokumento sa oras ng emergency?

Desisyon ng isang tao kung siya ang gagawa ng sariling desisyon, magpapatulong, o magpapasiya kasama ng iba. Ang PWD ang pipili kung sino ang gusto niyang sumuporta sa kaniya at ang uri ng suportang gusto niya.

Puwedeng mapansin nila na ang ilang dokumento, tulad ng permission to exchange information (pahintulot na magpalitan ng impormasyon) o SDMA, ay puwedeng magpaliwanag ng kanilang proseso sa mga institusyong pinansyal.

Ang paggawa ng plano para sa pinansyal na desisyon (pati na sa emergency) ay makakatulong sa tagapagdesisyon na maibigay ang kailangan at priyoridad nila.

Pagpaplano para sa Mga Salungatan ng Interes

Paano Magplano para sa Mga Salungatan

Dapat gumawa ng maagap na hakbang ang PWD at mga tagasuporta upang maiwasan ang totoo, maaaring ipagpalagay, o posibleng salungatan ng interes.

Higit pa kaysa sa karamihan ng iba pang larangan ng paggawa ng desisyon, may posibilidad ng salungatan ng interes kapag ginagamit ang SDM sa mga desisyong pinansyal.

Ang pinakamainam na pamamaraan ay ang maagang pagpaplano upang matugunan ang mga hindi pagkakasundo bago pa man ito mangyari. Maraming template ng SDM ang may hiwalay na papel para sa pagmo-monitor ng pananalapi.

Halimbawa:

Ang live-in provider (tagapag-alagang nakatira sa tahanan) na hindi miyembro ng pamilya ang kinatawang tagatanggap ng bayad para sa mga SSI benefit ng PWD. Sila ang responsable sa pagbabayad ng lahat ng bills ng PWD, pagbili ng mga gamit sa sambahayan at pagkain.

Hindi dapat maging kinatawang tagatanggap ng bayad ang isang live-in provider habang binabayaran din siya para alagaan ang PWD. Lumilikha ito ng salungatan ng interes dahil binabayaran sila bilang empleyado at may buong access sa pera ng PWD. Lumilikha ito ng pagkakataon kung saan puwedeng mangyari ang pang-aabuso.

Maaaring maging nakakaabala o nakakapagod ang paggawa ng mga desisyon sa pinansyal para sa sinuman. Maaaring limitado ang mga mapagkukunan ng PWD, kaya mahalaga ang pamamahala sa pinansyal. Puwedeng magkaiba ng opinyon ang mga tagasuporta at PWD kung paano pamamahalaan ang pondo. Dapat pag-usapan ng PWD at mga posibleng tagasuporta ang mga pananaw na ito.

Kung may takot ang tagasuporta, dapat nilang ipahayag ito sa magalang na paraan. Puwedeng mangailangan ng oras, pasensya, at maraming pag-uusap; makakatulong kung may hindi bababa sa 3 tao na kasali sa mahihirap na pag-uusap. Kahit pagkatapos ng mga pag-uusap na iyon, maaaring gusto pa rin ng PWD ng suporta mula sa ibang tagasuporta. Dapat igalang ng mga tagasuporta ang huling desisyon ng PWD.

- Minsan, nababahala ang mga tagasuporta sa mga desisyong pinansyal dahil baka "maabuso sila" o "hindi alam ng tao kung paano pamamahalaan ang kanilang pondo." Maaaring nais ng mga tagasuporta na makipagtulungan sa PWD upang paunlarin ang kakayahan sa pamamahala sa pinansyal upang makatulong na mabawasan ang mga panganib na ito.

Paano Ko Maiuulat ang Pinaghihinalaang Pang-aabuso o Pagpapabaya?

Puwede mong iulat ang anumang insidente ng pang-aabuso o pagpapabaya sa pulisya o lokal na ahensyang tagapagpatupad ng batas.

O, kung nangyari ang insidente ng pang-aabuso o pagpapabaya:

- Sa komunidad, puwede mong iulat ang insidente saAdult Protective Services.
- Sa pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga sa kalusugan, tulad ng nursing home o board and care home, puwede mong iulat ang pang-aabuso sa lokal na ombudsman para sa pangmatagalang pangangalaga.
- Sa lisensyadong pasilidad pangkalusugan, tulad ng nursing home o ospital, puwede mo ring iulat ang insidente sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.
- Sa lisensyadong pasilidad panlipunan, tulad ng group home o board and care home, puwede mong iulat ang insidente sa Paglilisensya sa Pangangalagang Panlipunan.
- Sa kulungan, puwede mong iulat ito sa Tanggapan ng Pangkalahatang Tagasiyasat.

Disability Rights California (DRC)

https://www.disabilityrightsca.org/publications/summary-of-disability-rights-californias-authority-under-state-and-federal-law

Sa pagprotekta at pagtataguyod ng karapatan ng mga taong may kapansanan, puwedeng gawin ng DRC ang mga sumusunod:

- **Imbestigahan ang mga insidente ng pang-aabuso at pagpapabaya** kung iniulat ang insidente sa DRC o kung matukoy ng DRC na may makatarungang basehan para paniwalaan na nangyari ang insidente.
- **Isulong ang administratibo, legal, at iba pang angkop na remedyo** o paraan para masiguro ang proteksyon ng karapatan ng mga kwalipikadong taong may kapansanan.
- **Magbigay ng impormasyon, referral, at pagsasanay** tungkol sa mga programa at serbisyo na tumutugon sa pangangailangan ng kwalipikadong indibidwal, pati na rin pagsasanay tungkol sa karapatan ng indibidwal at mga serbisyo na puwedeng makuha mula sa DRC.

Adult Protective Services (APS)

https://www.cdss.ca.gov/inforesources/adult-protective-services

Ang Adult Protective Services (APS) ay isang ahensya na tumutulong sa matatanda (60 taon pataas) at mga dependent na nasa hustong gulang **(18-59 na may kapansanan)**, kapag hindi na nila kayang tugunan ang kanilang sariling pangangailangan, o kung sila ay biktima ng pang-aabuso, pagpapabaya, o pananamantala.

Nagsisiyasat ang mga ahensya ng APS sa County ng mga ulat ng pang-aabuso sa matatanda at mga dependent na nasa hustong gulang na nakatira sa pribadong bahay, apartment, hotel, o ospital, o yaong kasalukuyan, o malapit nang makaranas na mawalan ng tahanan.

Mga Uri ng Pang-aabuso na Puwedeng Imbestigahan ng APS

- Pisikal: hal., Pagsuntok, pagsipa, pagsunog, paghila, labis o kulang na pagbibigay ng gamot
- Sekswal na Pang-aabuso: hal., Sekswal na interaksyon na labag sa kalooban, sekswal na pananamantala, pinilit na manood ng pornograpiya
- Pag-abandona: hal., Pag-iwan o sinadyang pagpapabaya ng sinumang may responsibilidad sa pag-aalaga
- Pagbubukod: hal., Paghadlang sa pagtanggap ng sulat, tawag sa telepono, o pagbisita ng ibang tao
- Pinansyal: hal., Pagnanakaw, maling paggamit ng pondo o ari-arian, pangingikil, pamimilit, pandaraya
- Pagpapabaya: hal., Hindi pagbibigay ng pagkain, damit, tirahan, o pangangalagang pangkalusugan sa isang indibidwal na nasa ilalim ng iyong pangangalaga kahit may kakayahan kang gawin ito.
- Pagpapabaya sa sarili: hal., Hindi pagbibigay ng pagkain, damit, tirahan, o pangangalagang pangkalusugan para sa sarili.
- Mental na pagdurusa: hal., Berbal na panlalait, pagbabanta, paggiging sanhi ng takot.
- Pagdukot: hal., Pag-alis sa estado na ito at pagpigil na makabalik sa estado ng anumang matanda o dependent na nasa hustong gulang.

Para iulat ang pinaghihinalaang pang-aabuso, tawagan ang numerong **1-833-401-0832** at kapag hiningan ka ng impormasyon, ilagay ang iyong **5-digit zip code** para makakonekta sa Adult Protective Services sa iyong county, 7 araw sa isang linggo, 24 oras sa isang araw.



Makakatulong ang pagpaplano nang maaga para masiguro na anumang totoo, pinaniniwalaan, o potensyal na salungatan ng interes ay matutugunan.

Maaaring gusto ng PWD na pumili ng maraming mga tagasuporta para tulungan sila sa paggawa ng mga desisyong pinansyal at pagmo-monitor ng kanilang mga pananalapi.

Mas higit kaysa sa iba pang bahagi ng SDM, kailangan tiyakin ng mga tagasuporta na hindi nila pupuwersahin o mamanipulahin ang PWD na gumawa ng anumang desisyon at igagalang na ang huling desisyon ay dapat gawin ng PWD.

MAY MGA TANONG KA BA?

California State Council on Developmental Disabilities

Ang gawaing ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng isang grant mula sa SCDD at SDM-TAP